

Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Silangang Mindoro  
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 07, 1995, IKA-9:03 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNANG BAYAN.

-----  
Mga Dumalo:

|                               |                 |
|-------------------------------|-----------------|
| Vice Mayor Jesus M. Dimapilis | - Tagapangulo   |
| Kagawad Cesar T. Baticos      |                 |
| Kagawad Ferdinand V. Talens   |                 |
| Kagawad Angeles D. Bautista   |                 |
| Kagawad Ramil O. Dimapilis    |                 |
| Kagawad Jesus S. Dela Cruz    |                 |
| Kagawad Juanito A. Bacay, Jr. |                 |
| Kagawad Honesto O. Taytay     |                 |
| Kagawad Eduardo G. Villamin   | - ABC President |
| Kagawad Lorna F. Dimapilis    | - SK Chairman   |

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ranulfo C. Bernal

-----  
KAPASYAHAN BLG. 013  
TAONG 1995

KAPASYAHANG IPINAAABOT SA KGG. SENADOR RAUL ROCO ANG TAUSPUSONG PASASALAMAT NG PAMUNUAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA PINANSYAL NA TULONG NA ₱86,367.00 PARA SA MUNICIPAL STOCKFILE SA KALAMIDAD SA TANGGAPAN NG PAMBAYANG DSWD.

SAPAGKA'T, ang Pambayang Tanggapan ng DSWD ng Roxas, Silangang Mindoro ay nakatanggap ng pinansyal na tulong na tsekeng nagkakahalaga ng ₱86,367.00 para sa municipal stockfile sa kalamidad;

SAPAGKA'T, ang halagang ito ay napakalaking tulong sa pamahalaang bayan ng Roxas kung saan sa panahon ng kalamidad ang mga taong bayan ay dumudulog para sa maagap na pagkalinga sa mga pangunahing pangangailangan tulad ng pagkain, damit, tirahang nasira at gayundin sa mga gamot;

SAPAGKA'T, ang habanggit na halaga ay lubusang makagagaan sa tau-nang badyet ng kabang-yaman ng bayan ng Roxas sa mga pang-kagipitang pangangailangan tulad ng mga kalamidad at iba pang katulad nito na ang badyet ay maliit lamang dahilan sa mga proyektong prayoridad para sa pagpapanibago at pag-papalago ng ekonomiya at industriya ng bayan ng Roxas, at

SAPAGKA'T, buong pagkakaisang ipinahayag ng Sangguniang Bayan at ng pamunuan ng bayang ito na ipaabot ang tauspusong pasasala-mat sa Kagalanggalang na Senador Raul S. Roco sa napapanahon at maagap na pagpapadala ng pinansyal na tulong para sa mga mamamayan ng Roxas.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Cesar T. Baticos at sinangayunan ng lahat -

IPINASIYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Kgg. Senador Raul Roco ang tauspusong pasasalamat ng Sangguniang Bayan at ng pamunuan ng bayang ito, gayundin ang mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa pinansyal na tulong na ₱86,367.00 para sa municipal stockfile sa kalamidad ng lokalidad.

IPINASIYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. Senador Raul Roco lakip ang mataos at walang hanggang pasasalamat,

IPINASIYA PA RIN na padalhan ng sipi ang Panlalawigang Tanggapan ng DSWD, Calapan, Oriental Mindoro, gayundin si Eng. Edna Buenviaje, Municipal Social Welfare Development Officer, Department of Social Welfare Development, Roxas, Silangang Mindoro para sa kanyang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay.

Agosto 07, 1995

-----  
CERTIFIED CORRECT:

*for. tiffania*  
VIOLETA P. FUENTES  
Kalihim ng Sangguniang Bayan

ATTESTED:

*[Signature]*  
JESUS M. DIMAPILIS  
Pangalawang Punong Bayan/  
Tagapangulo

APPROVED:

*[Signature]*  
GELACIO I. YASON  
Punong Bayan

*red*  
*Amurumagi*  
*24 Aug 95*

tsff/